

Kahalagahan ng Paggamit ng Trichogramma

1. Ligtas na gamitin ng tao, walang side-effects.
2. Hindi nagdudulot ng kapahamakan sa kapaligiran.
3. Higit na mura kaysa paggamit ng pestisidyo.
4. Magdudulot ng ibayong proteksyon sa palay hanggang sa ito ay anihin sapagkat ang trichogramma ay mabilis dumami.

Mga dapat tandaan sa pagdadala ng

Trichogramma sa taniman

1. Huwag pabayaang mainitan ng araw, ang sobrang init ay nakakapagpabilis ng pagpisa ng Trichogramma.
2. Kung ang Trichogramma ay hindi pa isasabit sa halaman, iwasang makain ng langgam. Isalalay sa tubig.
3. Makabubuti na ang Trichocards na ilalagay sa halaman ay tama ang petsa sa pagpisa ng Trichogramma.
4. Kung hindi pa mailalagay, ilagay muna sa refrigerator (vegetable crispier) o icebox.
5. Panatiliing tuyo ang Trichocards.



Trichogramma

Anong dapat dalhin sa paghingi ng Trichogramma sa laboratory?

- Magdala ng icebox o cool man

Saan maaaring makakuha ng Trichogramma?

1. Regional Crop Protection Center (RCPC—IV) Economic Garden, Los Baños, Laguna
Telefax no. (049) 536-1905
para sa mais, palay at gulay
2. Lipa Experiment Station (LES), Maraouy, Lipa City, Tel. no. (043) 756-4401
para sa mais
3. Quezon Agricultural Experiment Station (QAES) Brgy. Lalig, Tiaong, Quezon
Tel. no. (042) 585-7101
para sa mais

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa trichogramma at pagsugpo ng ibang peste at sakit ng halaman, sumangguni sa **Regional Crop Protection Center (RCPC—IV) Economic Garden, Los Baños, Laguna.**

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
-REGION IVA**

Knowledge Management Unit

Website : www.ati.da.gov.ph/calabarzon

E-mail: atintc_uplb@yahoo.com



**AGRICULTURAL TRAINING
INSTITUTE-REGION IVA**
UPLB, COLLEGE, LAGUNA



“ trichogramma ”

**Pangsugpo
sa uod ng
Gulay**

Tel. +63049536-3263
+63049536-5600

Ano ang "TRICHOGRAMMA" ?

Ang Trichogramma ay isang uri ng insekto na kabilang sa mga kaibigang kulisap na sumusugpo sa pesteng uod ng talong (shoot and fruit borer), kamatis (fruitworm) at sitao (podborer).

Paano sinusugpo ng "Trichogramma" ang uod ng gulay?

Nangingitlog ang inahing Trichogramma sa itlog ng kaaway. Ang inakay nito ay nanginginain at nagpapalaki sa loob ng itlog kung kaya't nasusugpo ang peste bago ito makapinsala ng gulay.

Ano ang pamamaraan ng paglalagay ng TRICHOCARDS sa gulayan?

Halaman	Ilang beses	Ilang Tricho-cards kada lagay	Kailan mag-sasabit ng Trichocard lagay
kamatis at talong	8	Unang lagay—100 cards Ikalawa hanggang ikawalong lagay—100 cards	3-4 linggo pagkalipatanim Lingguhang pagitan
sitao	4	Unang lagay—70 cards Ikalawa hanggang ika-apat na lagay—70 cards	3-4 linggo pagkatanim Lingguhang pagitan


Wastong paglalagay ng Tricho-cards sa gulayan?

1. Pumunta sa isang sulok ng palayan.
2. Mula sa sulok humakbang ng walo (8) pahalang (6 na metro).
3. Tumigil at humakbang uli ng walo (8) pagitna, sundan ang tudling.

4. Kung saan tumigil doon unang ilagay ang trichocard.

5. Mula sa unang lagay, humakbang ng 17 susundan ang tudling at doon ilalagay ang ikalawang trichocard.

6. Ituloy ang paghakbang ng 17 hanggang sa matapos ang paglalagay.



Sa anong parte ng halaman isinasabit ang Trichocard?

1. Talong at kamatis—gagawa ng "bamboo stick" o kaya ay kakawate na may habang isang (1) metro at doon isasabit ang card.
2. Sitao— isasabit sa tulos (pole sitao at bush sitao) gagawa ng "bamboo stick" at doon isasabit sa stick o kakawate na may habang isang (1) metro.